WALK THE TALK

# Ingatan ang Salita

WEEK 2

## WARM-UP

- Ano ang pinakamahalagang bagay na mayroon ka? Paano mo ito iniingatan?
- Anong pagkain sa kusina mo ang pinakamagtatagal bago mapanis? Sa tingin mo, bakit ito nagtatagal?
- Mayroon ka bang mga naka-*print* na litrato o mga *picture frame*? Bakit karapat-dapat ipa-*print* ang mga alaalang iyon?

## WORD

[9]*Paano mapapanatili ng isang kabataan na maging malinis ang kanyang buhay? Mamuhay siya ayon sa inyong mga salita.* [10]*Buong puso akong lumalapit sa inyo; kaya tulungan n'yo akong huwag lumihis sa inyong mga utos.* [11]*Ang salita n'yo ay iningatan ko sa aking puso upang hindi ako magkasala sa inyo.* [12]*Purihin kayo PANGINOON! Ituro n'yo sa akin ang inyong mga tuntunin.* **SALMO 119:9–12**

(Basahin din ang **SALMO 119:13–16.**)

Kapag may iniingatan tayong mahalagang bagay, hindi natin ito hinahayaang maalikabukan. Itinatago natin ang isang mahalagang bagay para maingatan ito at para hindi ito masira. Bilang mga mananampalataya, iniingatan natin ang salita ng Diyos dahil ito ay buhay para sa atin. Ang mga pamamaraan natin ay nananatiling malinis at naiwawaksi natin ang kasalanan sa pamamagitan ng pagbabantay at pag-iingat sa Kanyang salita. Sa araw na ito, titingnan natin kung paano natin maiingatan ang salita ng Diyos sa ating puso at maipapakita ang salita sa ating pamumuhay.

## 1 Ipahayag ang salita ng Diyos.

*Paulit-ulit kong sinasabi ang mga kautusang ibinigay ninyo.*
**SALMO 119:13**

Isa sa mga pinakamabuting paraan para maalala ang isang mahalagang bagay ay ang pagsasalita tungkol dito. Mas madaling maalala ang mga naiisip natin tuwing sinasabi natin ito nang malakas sa halip na tahimik lang natin itong iniisip. Ganoon din ang pag-iingat sa salita ng Diyos. Ang paghahayag ng salita ng Diyos gamit ang ating boses at nang buong puso ay nakakatulong para lalo natin itong mapag-ingatan. Tuwing ipinapahayag natin ang salita ng Diyos at ang mga pangako Niya para sa atin, nagbabago tayo at nagkakaroon ng kakayahang gawin ang kalooban Niya. Paano mo natutunang ipahayag ang salita ng Diyos?

## 2 Ikagalak ang salita ng Diyos.

*Nagagalak akong sumunod sa inyong mga katuruan, higit pa sa kagalakang dulot ng mga kayamanan.* **SALMO 119:14**

Gaya ng pagpapahalaga natin at pagbibigay ng atensyon sa mga mahahalagang bagay at tao. Maaari rin tayong magalak sa salita ng Diyos at sa Kanyang mga patotoo. Mas mahalaga ang salita ng Diyos kaysa sa anumang bagay na mayroon tayo. Tuwing lumalapit tayo sa salita ng Diyos nang may wastong kalooban at bukas na puso, mauunawaan natin, masusunod, at maaalala ang mga sinasabi nito. Ang salita ng Diyos ay isang daan para tayo ay makausap Niya at nang tayo ay maiayon sa Kanyang kalooban at magtiwala sa Kanya nang higit sa anuman. Paano mo natutunang ikagalak ang salita ng Diyos?

## 3 Pagbulay-bulayan o pag-isipan ang salita ng Diyos.

*Ang inyong mga tuntunin ay aking pinagbubulay-bulayan at iniisip kong mabuti ang inyong pamamaraan.* **SALMO 119:15**

Kapag pinagbubulay-bulayan o pinag-iisipan natin ang salita ng Diyos, ang isipan natin ay napupuno ng Kanyang pamamaraan at pinapalitan nito ang dating laman ng ating isipan. Naiiba ito sa kadalasang naiisip natin tungkol sa *meditation* o pagbubulay-bulay, na tungkol sa pagtanggal ng kung anumang mga iniisip natin. Dahil sa tunay na pag-*meditate* sa salita ng Diyos, natatandaan natin ito, nagkakaroon tayo ng mas malalim na pagkaunawa dito, at nasasabi natin ito nang paulit-ulit. Kapag pinag-iisipan natin ang salita ng Diyos, pinahihintulutan natin ang Diyos na baguhin hindi lamang ang ating isipan kundi maging ang ating puso. Ano ang natutunan mo tungkol sa Diyos nang hinanap at pinagbulay-bulayan mo ang Kanyang salita?

Tinapos ng may-akda ng Salmo ang bahaging ito ng awit sa isang tugon: *Magagalak ako sa inyong mga tuntunin, at ang inyong mga salita'y hindi ko lilimutin* (Salmo 119:16). Ang pag-iingat sa salita ng Diyos ay tumutulong sa ating maalala ito at maisapamuhay. Ang pagsasagawa nito ay magdudulot ng pagsunod sa Kanya at pagkagalak sa Kanyang mga pamamaraan.

## APPLICATION

- Ano ang ilang mga praktikal na hakbang na gagawin mo para pag-ingatan ang salita ng Diyos? Tandaan ang mga ito at simulan ito ngayong linggo.
- Kabisaduhin ang Salmo 119:11: *Ang salita n'yo ay iningatan ko sa aking puso upang hindi ako magkasala sa inyo*. Bigkasin ito nang paulit-ulit at gawin itong panalangin mo ngayong linggo.
- Isipin ang isa o dalawang talata sa Bibliya na kapansin-pansin para sa iyo. Sino ang mabibigyan mo ng lakas ng loob gamit ang mga talatang ito ngayong linggo?

## PRAYER

- Purihin ang Diyos para sa kakayahang pag-ingatan ang Kanyang salita sa ating isipan at puso. Pasalamatan Siya na natatandaan at naaalala natin ang Kanyang salita para maisapamuhay natin ito.
- Habang araw-araw mong iniingatan ang salita ng Diyos sa iyong puso, hilingin na magagalak ka sa Kanya. Ipanalangin na ang tunay na pagmamahal sa salita ng Diyos ay hindi magiging isang obligasyon o karaniwang gawain na lamang.
- Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos para ipahayag ang Kanyang salita sa iyong komunidad. Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon ngayong linggo upang mapalakas ang loob ng iyong pamilya't mga kaibigan gamit ang Kanyang salita.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leonardo Angcajas Jr.

victory.org.ph